

# IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

## Lumakas ang paglago sa ikalawang magkasunod na buwan noong Enero

### Key findings

Sinusuportahan ng matinding paglago ng bagong order ang mas mabilis na pagtaas ng produksyon

Bumaba ang bilang ng trabaho sa unang pagkakataon sa loob ng pitong buwan

Naabala ang mga supply chain dahil sa trapiko at pagputok ng bulkan

Nakaranas ang mga Pilipinong nagmamanupaktura ng magandang simula sa taon, nang humusay ang mga kundisyon ng negosyo sa mas magandang rate sa kalagitnaan ng mas mabilis na paglago ng parehong output at mga bagong order. Kasunod na gumanda ang kumpiyansa sa negosyo, kahit na nagdulot ng bahagyang pagbaba ng bilang ng trabaho ang tuloy-tuloy na paghina sa labor market. Samantala, nagdulot ng higit na paghihirap sa mga supplier ang mga kamakailang pagputok ng bulkan at nagpapatuloy usapin sa trapiko, habang bumilis ang paglago ng aktibidad ng pagbili sa pinakamabilis na naitala sa loob ng limang buwan.

Tumaas ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® sa ikalawang magkasunod na buwan sa 52.1 noong Enero, mula 51.7 noong Disyembre, na nagpapahiwatig ng katamtamang paghusay sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa mga kumpanyang gumagawa ng mga produkto. Ang paglago ay ang pinagsamang pinamakataas din mula Enero 2019.

Kapansin-pansing lumago nang mas mabilis ang mga antas ng produksyon mula sa nakaraang buwan, na sinuportahan ng mas mabilis na pagtaas sa mga bagong order at simula ng mga bagong kontrata. Kasabay nito, naitala ng ilang kumpanyang ang output ay nilimitahan ng kamakailang pagputok ng Bulkang Taal, kahit na bahagyang nasira lang nito ang kabuuang paglago.


Samantala, ang mga bagong order sa pagmamanupaktura ay patuloy na tumataas nang matindi, kung saan nagkokomento ang mga panellist tungkol sa mas malakas na demand mula sa mga lokal at dayuhang customer. Kapansin-pansing tumaas din ang mga benta ng iniluluwas na produkto sa ikatlong pagkakataon sa loob ng apat na buwan, na nagpapahiwatig ng paghusay sa klima ng kalakalan para sa mga nagluluwas ng produkto.

Ang mas malaking paglago ng output ay nagdulot ng mas malakas na pagtaas sa aktibidad ng pagbili sa simula ng taon, habang nagkomento ang mga kumpanya tungkol sa mas matataas na kinakailangan sa input mula Disyembre. Ang paglago ay pinakamabilis mula noong nakaraang Agosto. Bilang resulta, lumago nang matindi ang mga stock ng mga pagbili. Samantala, bahagya lang lumawig ang mga stock ng mga natapos na produkto.

Sa kabila ng pag-unlad sa output at mga bagong order, nanatiling

*ipinagpatuloy...*

Philippines Manufacturing PMI  
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

### Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

“Bagama’t kapansin-pansing naapektuhan ng pagputok ng Bulkang Taal ang ilang negosyo noong Enero, sa kabuuan, patuloy na lumago ang sektor ng pagmamanupaktura ng Pilipinas noong Enero. Gumanda ang mga kundisyon sa pagpapatakbo sa pinagsamang pinakamabilis na antas sa isang taon, kung saan katamtamang tumaas ang produksyon sa gitna ng mas malakas na demand para sa mga produkto.

“Partikular na tumaas na ngayon ang mga benta ng iniluluwas na produkto sa tatlo sa apat na nakaraang buwan, na nagpapahiwatig ng bumubuting klima ng kalakalan sa pagbuti ng relasyon ng US-China. Kung magpapatuloy ito, maaaring higit na lumakas ang paglago ng benta sa taong ito.

“Gayunpaman, ang isang malinaw na usaping pinatindi ng pagputok ay ang trapiko sa daan, na nakaabala sa mga tagal ng paghahatid sa bawat buwan nitong nakalipas na anim na buwan. Nagsusumikap ang gobyernong tugunan ito sa pamamagitan ng kanilang proyektong "Build, Build, Build" para magtuon ng mas malaking pamumuhunan sa imprastruktura ng daan. Ito ay malinaw na isang mahalagang proyekto para sa mga nagmamanupaktura, kung saan nagpapahayag ng kumpiyansa ang ilan sa output sa hinaharap sa paghusay ng mga kundisyon ng trapiko.”

mababa ang aktibidad ng pagbibigay ng trabaho noong Enero. Sa katunayan, bumaba ang bilang ng mga trabaho sa unang pagkakataon sa loob ng pitong buwan, pagkatapos tumaas nang bahagya lang sa katapusan ng 2019. Binanggit ng ilang kumpanya ang hindi pagpapalit ng mga umalis na empleyado, na ikinabawi kumpara sa mga kumpanyang kumuha ng karagdagang manggagawa. Gayunman, patuloy na kumaunti ang mahuhusay na trabaho.

Kasabay nito, nag-ulat ang mga nagmamanupaktura ng matinding pagbaba sa performance ng supplier na pangunahing dahil sa pagputok ng Bulkang Taal sa kalagitnaan ng buwan na nagdulot ng higit pang problema sa trapiko para mga vendor. Bilang resulta, humaba ang mga lead time sa pinakamabilis sa loob ng mahigit dalawang taon, na nagpapalawig sa kasalukuyang takbo ng pagbaba sa performance ng vendor na nagsimula noong nakaraang Agosto.

Samantala, tumaas ang bayarin sa pagtitinda nang mas mabilis noong Enero. Tinaasan ng mga nagmamanupaktura ang kanilang mga singilin bilang tugon sa mas matataas na presyo para sa mga raw material, kabilang ang langis at pagkain. Ang inflation ng presyo ng output ay pinakamatindi sa loob ng pitong buwan, kung saan tumataas din nang mas mabilis ang mga gastusin sa input.


Pinakahuli, humusay ang pananaw sa mga negosyo para sa output sa loob ng 12 buwan noong Enero. Ang antas ng positibong pananaw ay ang ikalawang pinakamalakas sa loob ng walong buwan (mas mababa sa Nobyembre), ayon sa binanggit ng mga kumpanyang dapat sumuporta ng mas malaking aktibidad ang kanilang mga iskedyul ng mga bagong proyekto. Binanggit din ng mg panellist na ang proyektong "Build, Build, Build" ng gobyerno ay isang mahalagang tagapaghatid ng potensyal na paglago, sa gitna ng pag-asang mababawasan nito ang mga usapin sa trapiko at mapapahusay nito ang mga supply chain.

**PMI Output Index**

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

**Produksyon ng manufacturing**

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

**Makipag-ugnayan**

David Owen  
Economist  
IHS Markit  
T: +44 2070 646 237  
[david.owen@ihsmarkit.com](mailto:david.owen@ihsmarkit.com)

Bernard Aw  
Principal Economist  
IHS Markit  
T: +65 6922 4226  
[bernard.aw@ihsmarkit.com](mailto:bernard.aw@ihsmarkit.com)

Katherine Smith  
Public Relations  
IHS Markit  
T: +1-781-301-9311  
[katherine.smith@ihsmarkit.com](mailto:katherine.smith@ihsmarkit.com)

**Pamamaraan**

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ng IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Ang data ng Enero 2020 ay nakolekta noong 13-24 Enero 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

**Disclaimer**

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ng IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

**Tungkol sa IHS Markit**

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakatbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2019 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

**Tungkol sa PMI**

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.